California School DASHBOARD

Paano Dapat Paghambingin ang mga Paaralan sa 2019 Dashboard

Magagamit ng mga magulang ang Dashboard upang makita kung paano nakatutugon ang paaralan ng kanilang mga anak sa mga pangangailangan ng lahat ng estudyante. Maihahambing din nila ang pagganap ng kanilang paaralan sa pagganap ng ibang mga paaralan sa distrito. Ang mga kasangkapang ito ay nagpapahintulot sa mga magulang na lumahok sa proseso ng pagpapahusay ng paaralan na may mga datos upang simulan ang pag-unawa sa mga lakas at lugar ng pangangailangan sa kanilang paaralan at sa kanilang distrito.

1. Ang Dashboard ay makikita sa https://www.caschooldashboard.org/.

2. Upang paghambingin ang mga resulta ng mga paaralan sa loob ng inyong distrito, i-type ang pangalan ng distrito sa bar ng paghahanap. Saka piliin ang taon.



3. Sa sandaling piliin mo ang iyong distrito, ang pagganap nito sa pang-estado at lokal na mga panukat ay ipakikita.



4. Nasa itaas na kanang sulok ang opsyon na tingnan ang lahat ng paaralan.



5. Sa ibaba ng pagganap ng distrito sa mga panukat ng estado ay isang sulyap na pagtingin para sa bawat paaralan sa loob ng distrito.

6. Gamitin ang mga opsyon sa pag-aayos sa kaliwang-kamay na panig ng screen upang tingnan ang pagganap ng:
   - Lahat ng paaralan sa distrito (inayos sa pataas o pababang hanay na batay sa alpabeto)
   - Ang isang ispesipikong tagapagbatid (inayos sa hanay ng pagganap ng paaralan sa tagapagpabatid na ito)



7. Bilang karagdagan, ang mga opsyon ng pagsala (sa ibaba ng mga opsyon sa pag-aayos) ay nagpapahintulot sa tumitingin na paghambingin ang pagganap ng lahat ng paaralan sa mga ispesipikong panukat ng estado. Piliin ang mga panukat na gusto mong ihambing at gamitan ng panala.



Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang pahina sa web ng California Accountability Model & School Dashboard sa https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/index.asp.

Nobyembre 2019
Tagalog